—Hé, dimonyo, saragate, pilyo—at silang dalawa'y nagkasayahan aywan kung bakit, gayong ang isa sa kanila'y takot sa kólera.

Ang kólerang itó ay masama't mabuti. Masama pagka't ikinatalagot ng maraming buhay at mabuti pagka't nagiging sangkalan ng mga magsingibig.

PAKUNDO PAKWAN.



## “PASINGAWAN”

(:)—  
Sa mga MAPAMATUNGKOL.

PASINGAWAN! iyan, ang naapuhap kong pamagat na bagay sa isang *diario*, isang pahayagang magiging *organo*, hindi ng alin mang malaking *partido*, ni ng alin pa mang *rico úbrero* sapagka't ang uri'y *anti patriótico* kung ukol sa bayan; nguni't oong-oo, kung hinggil sa sinta, sa puso't sa ulong walang lamán kungdi *prosa't* mga *verso* na pawang patungkol kay diyos Kupido.

(1) Ang lahat uang ito'y hango sa isáng sulat na nápalathala sa lahat halos ng mga pahayagan, at hindi gawagawa ko lamang, bagkus siyang nangyari sa isáng buhay na kanilang pinanlik. —P. NG S.

Ang sa *Pasingawa'y* unang mababasang mga articulon makalaglag-saya ay payak na handog, lahat na'y paonra sa kanikaniyang mga ninonobiya na kung pamagata'y matamis na *Musa't* diosang dálanginang walang pangalawá ng mga lidaktor, na sa ngalang siglá'y maipápará mo't mailologro pa kung ang bawa't katas ng kanilang pluma'y isulat ng *Pu...on, inubig kita!*

Sa mga lathala'y magpápalaluan at magpapanubok ng ingat na tapang ang mga bayani sa pagpapasingáw, na mga inapó noong *lumang* araw: at kung sino iyong mabuting tatagay, magaling aawit ng pag-iibigan, ó mahusay kaya sa gawang pagduklay ng mga panaing at pananawagan, ay siyáng *campeón* na may katwirang humalik, datapwa, sa Musang inúpán.

Ang mápapalagay na tagapatnugot ay si Chengo Amor na sa pluma'y bantog, hilig sa *nobela*, dagli, alay, handog, kuwento't kasaysayang makapuslit uhog dahil sa bubuti't makuskos balungos na parang di gawa sa padaros-daros, at kung magdaan man ang bagyó at kulong ó ang alimpuyó ng hangin sa tuktuk, ang *libelo* kayáng hinakdal ni Venus, ay may kapagdakang diya', manáagot.

Ang huepe lidaktor namang málalagay ay si don Riveteng sa plahiyo ay sanáy, makanobela ri't maka kasaysayan, makadagli't handog, saka mapanghirám ng *musá't* kudyaping na sa ibang kamay, na kung mápakanya'y ipaghihiyawang eakin itong ulo't ang *ideang* iyán, akin itong dila't akin ang lahat nang *prosa't* mga *verso* na nagiinamang saan mang *timpalak* ay mailalaban...

Pipiliin naman na magsisisulat sa *diariong* itong pilit ilalabas sa *kampong patayan* ng Maynilang siyudad, ay mga may ulong kung bagama't hungkag, kung bagama't pipís at may tuyóng utak ay pag sa *patria* lamang mlatap ang kanilang kipkip na sandatang tabak; nguni't kung sa sinta, pagkasi't pagliyag, pasingaw, patungkol at pagpapalipad, ay mga tenorio sana silang lahat.

Ako'y magháharap ng *kandidatura* kung ang *Pásingawa'y* ipanganganak ní, aber kung madapat na tanggapin niyang isa sa lidaktor na *por conveniencia*, ang kaunting sueldo ay hindi *importa*, pagka't kung ibig kong pumaris sa ibang makasulat lamang ng *dagling* pagsinta'y nagaakala nang *escribidor* siya, ay madali akong papayag sa pita kahit ang lumabas ay haplás ng lipá.

Ang unang pangbungad na aking gagawi'y huwag mag-alala't mistisong *dagli* rin, ganito, *Dueñang* marikit, maningning:

«Mula nang aking pong lubos na malining na ikaw ay tala, magandang bituin, malambing na *musa't* ka katawang angel, ang puso ko't loob ay sumuling-suling pati káluluwa'y halos na maduling, kaya ngayo'y itong mahahabang tudling nitong *Pasingawa'y* aking uubusing mapuno't nang di na muling ligaligia ang mga *diariong*, kaya dumurusing ay sanhi sa habág sa gaya kong yaring wala nang madulang na kalantariin kungdi mga puso't sintang.. nangi ngit'm.

MANGLILIPA.

\*\*\*

## Kuntil-Butil

—oxo—

### MGA KATOTOHANANG PINIPILIPIT.

Hangga ngayo'y patuloy pa rin ang mga pederal sa kápílilipit sa katotohanan. Walang laging bukángbibíg kundi kasalanán daw ng mga nasyonalistang wagás ang pagkakaáalis ng ating bandila, gayong maliwanag na maliwanag na sila ang may kagagawán.

Anila'y kung kaya naalís daw ay dahil sa labis ng paggamit ang mga nasyonalista, na anhin mo baga'y may kautusang nagtatadhana ó sumusukat noong araw ukol sa paggamit ng katamtaman ó di katamtaman. Anhin mo baga'y may madadaliri silang utos na nagpasyáng «pag ginamit ng paganito ay ang paggamit na ganito'y ituturing na labis at magkakasala ang gagamit.»

Nguni't anhin ba natin ito: ito'y maliwanag na kuskusbalungos lamang nila at ng mga kahabaghábag nilang bagong kampon ngayon. Maliwanag na noo'y malaya sa paggamit ang mga nasyonalista, at ang kalayaan nila'y di dinahás kundi nitong mga huling araw na la mang; kaya, maliwanag ding ni ano mang kapiyangot na kautusán noon ay wala silang nilabág, at susog dito ay wala ring ano mang kasalanang náipataw sa kanila.

«At sa mga pederal? ¡Oh, sukat na! Labis nang alam ng bayan na may tatlong pederal noon sa Comisión, at labis ding alám na ni sino at ni isa man sa tatlong ito ay hindi tumutol ó suma lansáng noong pagbotohanan nilánilá ang *Ley de bandera*! Maitatanggí ba ito? ¡At maitatanggí rin kaya ang katotohanang kung kaya hindi nagsitutol ay sapagka't siyang makabubuti sa pederal? Kung hindi maitatanggi, ay ano't nagkákakatsang pa? Sana'y nagsitutol sila kung talaga ngang di ibig ng mga pederal ang magkagayon, at nang sa gayo'y napatuýyang... may *pagmamahal* (?) nga sila, patis ng laging itinatagho/taghoy ngayon ng mga pederal sa *La Democracia* at sa *Los Obreros*.

¡Ay mga pederal! Ano pa't ang katulad ninyo ay iyang bagong kampon ninyo ngayong si *Doctor*, na, katsang din ng katsang at sabi ng sabi sa mga napauulol sa malandas niyang dila, na umano'y «kaya namatay sina Sakay ay dahil sa kasalanang ng mga abogado!»

Gayon din, tungkol sa iba't iba pang bagay.

Mga bulastog!.. Magsitahan na kayo't kilala na kayo. At huwag nang magsasabi ng mga kabulaanan.

Paris niyang sa Asamblea: umano'y kaya napatatag ito ay dahil sa kanila. Ikuwento ninyo ito sa inyong mga lelang, at huwag sa bayan. Ang bayan. Ang baya'y maliwanag ang matá at di na ninyo mapaglalakuan ng bulok ninyong lako. Alam ng bayan na iya'y di buhat sa inyo ni hindi man lamang inisíp ninyo, ni 'kahit pinangarap, sapagka't noong matitik sa *Bill Constitutivo* ang pa-

kala tungkol diyan ay kapanahunan pa ng inyong pag-kaibáng sa «Anexión» at ni sa inyong hinagap man lamang ay wala iyan. Alam na alam din ng bayan, na may pederal ma't wala ay talagang mapapatastag iyan; paris ng pagkakatatastag sa Malolos; pagkátiya'y bunga ng panghihimagsik, at ang panghihimagsik ay anák ng mga nasyonalista at hindinghindi kailan man ng mga pederal na walang nais kundi *magsamantala*, manuyo at *paaliping kusa* sa taga ibang bayan.

¡Oh, manáng magtahán na kayo!

\*\*

### PASINGAWAN

Ngayong parang mikrobio na sa dami ang mga manunulat na rating magiliwin sa mga *Dagli*, sa mga *Kislap*, sa mumurting *Kasaysayan*, sa gayo't ganitong patungkol kay Pingot at kay Humál, ay napapanahon ang panukala ni kaibigang *Panakongkanyon* upang bigyang-lugal ang lahat nang mga pasingaw na ganyan.

Ang panukala ay di iba kundi ang pagbabangón ng isang pahayagang makaitlo lalabas sa maghapon; na pamamagatang: *Pasingawan*.

Ang pagpapalathala ay walang bayad; nguni't may kondisyon lamang na, ang bawa't nagpapalathala ay magpapagod munang pakinisisín ang kanyang gawa bago ipadala sa Pasulatán, upang sa ganito'y huwag ná námañg makaabala pa sa iba at makapagpasakit ng ulo.

¡Sulong, kaibigang *Panakongkanyon!* ¡sulong sa ganyang magandang panukala, at tingnan mo't may mapapa'a ka rin!

¡PASINGAWAN! ¡Oh, ito ang kulang dito sa atin!

\*\*

### KUWAN NA AY KUWAN PA...

Anang isang matandang musiko:

—«Iyang si Cecilio Lopez ay totoong makulukoy sa ulo. Lahat ay ibig niyang balukulin. Paris ba niyang bago niyang panukalang pagpapakisig sa kanyang banda, iyan ba nama'y dapat pa niyang isipin!.. Pakikisigin daw niyang mabuti, ipinagpapalalo; nguni't di niya nalamang ang ganya'y pangbalukol sa kapwa... Hindi sana baleng kung mapakisig na niya'y ipaghanapbuhay niya (bagay na di na niya kailangan), é di't kundi ang gina-gawa'y saan mang pistahan diyan ng mga pare ay isiusiksik niyang walang bayad ang kanyang banda, at di na inaalagatang sa ginágawa niyang gan a'y nawawalán ng hanapbuhay ang ibang bandang dapat makakita sana kundi sa *pagkompetencia* niyang *gratis*, palibhasa'y mayaman. ¡Oh, ang taong iyan!.. Nguni't pasasaan ba siya: may panahon ding ang mga sinasalanta niya'y tutugtog sa pinto ng damdamin ng kapwa mahihirap, upang hilingín ang kanilang tulong na ihapay ang kanyang ipinagmamalaking *La Paz Buen Viaje*. Ái, tingnang kung sa ganito'y may máipangangahas pa siyang ipanalanta sa hanapbuhay naming mabihirap na músikong di mabuhay kundi sa han gin.. ¡Oh makikita rin niya!»

Masaklap, mapakla at mapait ang mga salitang iyan ng isang matandang músiko; kaya, di na namin durugtu. Ngan, yamang sapát nang magpákalamkám sa ngalanggalá ni G. Lopez, na may ari sa *La Paz y Buen Viaje*.

AKO'Y SI PALAKA....

\*\*\*

## Mga aral

—(o)—  
(HÁNGO SA PASYON)

Kristianong sino ka man  
ító ay iyong tandaan  
huwag ka nang maghihintay  
sa mga marinong dáratá.



## LA LIMPIEZA

—Qué vas a hacer?  
—Voy a dar un baño a esa imagen que está tan sucia, que ya no inspira devoción a los fieles.  
—Pues, chico, necesitas toda el agua del Pasig, un carro de jabón y un cepillo gigantesco.

## NAPAKARUMING LILINISIN

—Kasama, anó ba ang iyóng gagawin?  
—Lilinisin ko ba ang napakaruming larawang iyan  
—Ah, kung gayo'y mauubos mo ang tubig sa ilog Pasig, saka isáng karretang sabón. Sa matagal nang ináamag ang larawang iyan ah!

Sila'y hindi na dárating  
hindi na dadalaw sa atin  
at hintin mo man ng hintin  
ay áasa ka lang sa hangin

\* \*

Kaya ngayón kapatid ko  
katampatang isipin mo  
na napendot ang mga arko  
at napendot pati tayo.

Pagsásamahin pa namán sana  
ang palaspás at oliva  
upang ating maipakita  
na tayo nga ay makuwalta

\* \*

Matunaw na nga at madurog  
ang tigás ng iyong loob  
at alalahaning tibobos  
na ikaw ngayo'y puspós

Nang linggatong at liglig  
salamat sa mga pulis  
sa kólera at sa buwís  
na iyóng tinsítiís.

\* \*

Anó pa't ang dapat gawin  
at bagay na magalíng  
ay iyo nang tístiís  
ang sakunang dumarating.

Huwag mo lamang kágagawian  
ang dimonyong pagsusugal  
pagka't ito ang kamatayan  
ng bulsa mo at katawan.

\* \*

Kasalanan at pagtataksíl  
na ang pagkakaisa'y sirain  
kaya dapat pakásumpaín  
ang partida gomesistíng.

Sila atg nakasisira  
at nagsasabog ng sama  
anó pa't parang dikya  
na makakating *alipala*

\* \*

Cristiano, iyóng katungkulán  
na ang utang ay pagbayaran  
at huwag mong paparisan  
ang panunuba kailán man.

Pagka't ito'y kasalanang  
sa langít ay sumísigaw  
at di kátatamuhan  
ng ano mang kagalingan.

\* \*

Cristiano, huwag lilimiting  
may mga gawang linsil  
na ikinapaparoóng taming  
sa impiyernong sakdal lalim.

Kaya ikaw ay matakot  
sa mga gawang buktot

at lumayo sa balakyót  
na nag aasal hayop

\* \*

Cristiano, iyóng tátandaáng  
sa ating mundong magaláw  
ang masama'y nanggingibabaw  
ang mabuti'y nápapailaliman.

Kaya diya'y nákikita  
na kun sino ang walang kaya  
ay siya pang namúmustura  
at bundat sa ligaya.

PLOR DE LA BERDAD.



## Kapuripuring panukalà

—o—

Gulong gulo na ngayón ang lahat dahil sa dárating  
na mga maríno.

May mga tao riyang hindi na mangapalagáy ngayón  
pa, sapagka't sinasabing nápakamakikisíg daw lalaki ang  
mga kawál-dagat na iyang dadalaw sa atin, at sabihin  
pa, ang lahat ay nanánabik na sila'y mangakita.

Nguni't ang karamíha'y nangalulungkot naman dahil  
sa ang sabisabi nila'y wala ring mangyayari dumating  
man ang mga hinihintay, pagka't si *doña kólera* ay narito  
sa atin, at hindi malayong kágulatan ng mga maríno at  
huwag tulóy magsíahon.

*Mangyayaring* ito nga ang *mangyayari*, at kay sayang  
ng mga paghahanda ngayong hinaharap.

Nangagtayo pa namán ang mga arkong isasalúbung  
sa kanila at sa *Españang puente*, ay nakalágay na ang  
napakalalaking titik ng isang *Welcome*, na sa pakahulugán  
nga ng isá kong kaibigan, ang ibig daw sabihin ay:  
*come bien*.

At may katwiran ang kaibigan kong ito, bagama't  
dapat palitan ang salitang *come ng bebe*, sapagka't joh!  
mangag antanda kayo at huwag magtataká...

Diya'y natuklasan na ang isáng panukala na kung  
máutuloy ay sáplitang ikápapanggáng ng mga maríno.

Minamana ba ninyong pasalubong ang serbesáhang  
matikabo na sa *Pasaý* pa raw naman gagawin.

Opo nga, serbesáhan dini, serbesáhan doon at . . .  
serbesa kahi't saan paroón, ang infísip palang ihandog sa  
ating mga panauhin.

Kaya sarap na bagay ng paguukulan sa 100.000 pisol  
Aaraw-araw di umano ay 6 000 batang—*Pasig* ni  
Sperr, ang palulunsarín, at kung nangásalupa na ay ser  
besa nang serbesa ang ipaínom sa kaiila hanggáng sa  
mangapundakan.

Maringal na nga namang pasalubóng itó.

Kung matutuloy ang ganyang akala ay hihihingin  
ko ang mga sumusunod na bagay pagka't sáplitang  
kakailanganin.

(a) Dagdagán ang bilang ng mga pulís.  
(b) Paluwangán ang piítan sa *Corte Municipal*.  
(c) Bigyan ng isang katulong ang marunong na si  
Salomón.

(d) Ipapatag ang mga lansangan upáng masukat na  
maginhaghawá.

(e) Ipapasan sa mga *bar* na maki-inabáng ang  
halaga ng mga multang mangyayari.

(g) Bigyan ng largavista ang mga motorman upang  
huwag makasagasa sa mga walay sápagka't lango.

(g) Palagyán ng kahit papag ang mga tabsog daín  
upáng huwag sa lupa mangagsihilig ang sino mang  
malasásing.

Itó lamang ang sa biglaang pagkukuro at madaliang  
paghahaka ay nállíspán ke ngayón, bagama't sa mga

mangyayari pagkakataón ay makahahango tayo ng mga mádiragdág pa.

Masayángmasayá marahil panoorín ang 6 000 boy na nagpupulahang tila sagà at nagsisisukat ng daán.

Sa ganang akío ay sang-ayon ako sa pinapanukala, nguni't may isá lamang akong mungkahi.

Huwag naman sanang serbesa na lamang ang gawing painom. Maglagay rin naman ng whisky at iba't ibáng álak pang makatatarantá agad, yamang ang nioánais yata ay másabing ito'y bayan ng mga langó...

At nagkakaganitó na rin lamang ay lubúslubusín na sana ang kagandahang loób ng nagsisipagpaukala ng ganyán at sa Corregidor pa lamang ay pasalubungan na sila ng serbesa.

Saka huwag na sa Pasay gawín, ito'y malayo pa, kahi't saáng liwasang hayag nitóng Manila ay maáari pagka't ang salitaa'y na sa maipakitang hayág ang ganyang kagandahang loob.

Ako'y nag áalinlangan lamang kung tatanggapin ó hindi ng mga marino ang ganitóng handog. Nagkámalí akó, ang ibig kong sabihí'y kung mámasarapíó niláng serbesa na lamaong ang máinom hangga't nangaririto, gayong dito naman ay naáari ring kumain pagka't may mákakain.

At dahil nga sa pag-aalolangang ito'y may nagsa-sábi na riyang kaya raw serbesa ang náisipang ipainom sa kanilá araw-araw ay upáng magtubo ang ilang mapapalad dito sa atin.

Itó raw ang sanhi, ang tunay na dahilán, ang hiwaga kung bagá sa isáng magusót na salitaan, ng ganyang iniisip.

Malakí rin nga namáng halagá ang másasakag kung magkataóntaón. Ang atim na libong máonginom ay hindi na masamang tioapay, maanong araw araw at magpasawalaug hanggan ay makatama ng ganitóng bilang ng suki ang mga magseserbesá.

Kaya bilang tanda raw ng kanilang pagkilalang utang na loób sa nagsisibuo ng lu, ong namasyá ng ganitó, ay naagag-isíp silang magpatayo ng isang monumentong tinibau sa kapuríhan at ikabubunyi ng mga naonganga-siwang'yan na sa mga ipinakikita sa atin ay tunay ngang mabubuting kátiwaldás.

MARTINO ORAPRONOBIS.



## Para sa "Exposición"

— x = x —

Magmula raw sa Oktubre  
at hanggáng sa Disyembre,

Tayo ay magkákaroón  
ng isá pàng *Exposición*.

Tanghalan ng *Bellas Artes*,  
gawang-kamáy, bungang-isíp

At sa Eskuadrang dárating  
ay bilang pagmamagalíng

Kaya ang mga artista  
gulóng guló at handa na:

Mga arkitekto't pintor,  
mga músiko't eskritor.

Ang páparitong marino'y  
di pulós na mga loko:

Mayroón din namáng bantóg  
na mamintás at manoód

Nguni't ang *naturalista*  
ay marami sa artista:

Kaya ang dapat itanghál  
ay marami ng *al natural*.

Akó kung sa ngalang *arte*,  
ay talagáng *ignorante*;

Nguni't akó'y may pinintáng  
mga kuadrong magagandá.  
Itó'y aking ilálaban  
sa yaring lalong mainam:

At pag hindi ko nátamó  
ang *premio'y*, hindi na akó.....

\* \*

### UNANG KUADRO:

Mga apat na babaing  
na sa mesa ng paggigge:  
Sa isáng bahay ng pulés,  
at ang laro'y *entreseis*.

### IKALAWÁNG KUADRO:

Matanda, dalaga, batang  
nakahanay sa bintana:  
Buntón ng kuto at lisâ  
suyod, gatang na pamisâ.

### IKATLÓNG KUADRO:

Sang-dusenang pilipina,  
pawang nakakamiseta:  
Nagpápasuso ng sanggól,  
walang tapis ni kamisón.

### IKAAPAT NA KUADRO:

Limáng babaing makisig  
de esmokin, walang tapis:  
May sigarilyong labát na  
ang bibíg ay puro sapá.

### IKALIMÁNG KUADRO:

Mga dalaga sa bahay  
nakatapis ng kundiman.  
«Mariang è kutô-kutô,»  
naka *pirmes* kung tumayo.

### IKAANIM NA KUADRO:

Dalawáng magkumare  
nagbábatalyang maige:  
Ang wika ng isáy: *ipuehl*  
ang sagót ng isáy: *queehl*...


### ALISTO MATANG BAKA.

# COLECCION DE LIPANG KALABAW desde el núm. 1 al 33 inclusive

### 1.a EPOCA

Se vende encuadernado á -P- 6

CONCEPCION 24.—QUIAPO.



## PROPAGANDA SANITARIA

**EL PREDICADOR.**—Nuestro paternal gobierno, hermanos míos, solicita de Nuestra Santa Madre Iglesia su mediación para alejar el cólera. Por eso, mis queridos hermanos, recomienda especialmente con encarecimiento que acrecienteis vuestra devoción a San Roque, patrón contra la peste. Sacadle en procesión, haced rogativas, ofrecedle misas. El es el más sanitario.

## LABAN SA KOLERA

**ANG NANGANGARAL**—May kólera na naiat nati ng Siembaha'y pinatutulong upang masugagad. Kaya nágayón, mágiliw kong kapatid, ay ibahimok ko sa inyóng ipagpamisa si S. Roque, iya matapang at bayaning pinanganganuhán ng mikryo. Ang pamahalaan ay may mágia sanitario, ang sibahan naman ay may mágia S. Roque. Kung ibig niyó mapílayo sa pangánib ay ipagpamisa si S. Roque maglunirua kayo, magpatirik ng kandila, sa isáng sít, ay limusán ninyo ang mahal na santo at kami ang bahatang huaglagáy sa dapat kalagyán ng inyong filimos.....

# ASERRADORA MECANICA

DE TUASON Y SAMPEDRO

OFICINA Y DEPOSITOS GLOBO DE ORO 96-106 - TELEGRAMA "LAGARIAN"

MANILA, I.F.

TELEFONO 156

QUIAPO



FABIAN

Oye, Bertoldo, ¿quien te ha hecho esa casa tan chichirica?

BERTOLDO

¡Ay, amigo Fabian! los mejores constructores de Manila.

FABIAN

Pero acaba, Bertoldo, ¿quienes son? ¡Porque me tienes impaciente!

BERTOLDO

¿Que quienes son? "EL LAGARIAN" chico, el "LAGARIAN", de Tuazon y San Pedro, que como constructores, son los mejores de Manila advirtiéndote que todos los materiales que salen de allí son incombustibles, como que no hay necesidad de acudir al cuerpo de Incendios. Hasta te la aseguran y garantizan. ¿Quieres mas?

FABIAN

Chico me dejas en una pieza. Mañana mismo les voy a encargar un presupuesto, euesteme lo que me eueste. ¿Sabes que estoy enamorado de la construcción del "LAGARIAN"?

BERTOLDO

¡Cuando yo te decía que te dejaras de maestrillos en eso de construcción! Donde está el "LAGARIAN" que se callen todos.

FABIAN

Y mi querido Bertoldo, ¿serás tan amable que me digas donde esta ese "LA GARIAN"?

BERTOLDO

¡Ay Fabian, FABIAN! jcomo se conoce que... Mira: puedes preguntar desde el mas lerdo cochero al mas alto personage, que te dirán donde esta, pues por si se te olvida, el "LA GARIAN" está en Globo de Oro 96, 106 Quiapo.

FABIAN

Gracias Bertolodo, Me voy a escape allá, a que me hagan el presupuesto inmediatamente. Adios, Chico.

Sigue cochero al "LAGARIAN" ¡madali!



—Haló! ¿Cosa tiene ese casa, porqué mucho gente vamus?

—Es una librería donde todo el mundo, sobre todo nosotros los filipinos, compramos nuestros libros.

—Pero ese book store muy pequinene.

—Sí, pequinene, pero tiene muchos libros muy buenos, que no se encuentran en otras librerías.

## SOBRE LA ORQUESTA RIZAL

—¿Qué le gusta a V. más en esta brillante soiree, Luisa?

—Decididamente, la Orquesta.

—Soy de su misma opinión. La Orquesta Rizal no puede faltar en toda fiesta elegante y de buen tono.

Director.  
José Maslovet

Gerente  
Primo Literte

Teléfono—431. Iris—699.



## RESTAURANT

### LA BRISA FILIPINA

Jaboneros 161-168.



—Las personas de paladar delicado. Frecuentan este restaurante. Ya verás que menú.

—Pues, si es así, espero que me traerás aquí todos los días.

# Busal' at butil

—:oxo:—

Masama paláng magpapanting ang tayngá ng hukóm Low.

Nang una'y séntimos lamang kung magparusa ng multa sa mga náhuhuling nagsisipagtinda ng mga kai-kaning bawal, nguni't ngayon ay nagbagong akala siya.

Ipinahayag pa manding ipabibilid na niya ang marapatang kahi't sino.

Kaya mangilabot kayo mga walang dala.

Matakot na kayó mga matitigás ang ulo.

Magtanda na kayo mga mauulit pa sa basang upós, pagka't nagagalit na si Low.

\* \*

Galít na siya ngayón.

Hindi na raw siya magpapakundangan.

Kaya alisto kayo.

Isá, dalawá, tatlo.

Si Low ay nagagalit, at... ang kanyang abutin ay may pagkákatandaan.

Huwag bagá kayong magbiro nang kayo'y huwag magsisi.

Ang magsuot tigréng limang araw ay hindi birong gawa.

Para ka na ring nakulong na limang araw sa impiyerno luma.

\* \*

Ako nga pala'y makapagtatanong sa mga ibig sumagót.

Nakuha na ba ó naamuyan kung kaninong mapalad na kamáy nálagak ngayon, ang halagang pinangilak upang ibilí raw ng ala-alang ihahandog sa isáng naging obispo?

Walang kalamánlamán ang tanóng kong itó kuudi ang nais lamang na mapaglinaw ang isáng hiwaga.

At kung ibig niyong maa'amán kung bakit akó nag-úusisa, ay sapagka't-natalós kong isa kong kapit-bahay ang nagsanla noón ng singsing, makáinduhensiya plenaria lamang.

He dicho!

\* \*

Salamat sa Diyos at ang pangangaral sa mga pusakal na mánunugal ay di pa rin pinagsasawaan palá.

Nguni't ang balita ko'y lalo paláng lumálala ang sumpóng ng mga mánunugal kung nakábabasa sila ng mga pangaral.

Sapagka't ang kawikaan nila'y lalong masaráp ang maglalo kung may nalalaman silang nailinis sa gayong ginagawa.

At sabihin pa, ang sugál ngayon ay lalo pang marami, pagka't marami naman ang nag-aakalang puno silá at may katungkulang hawak upang magpasuhol kailanma't ibig.

Hindi ba ito ang totoo mga maginoong presidente municipal sa mga bayang masugalan?

Tablán din sana kayó ng sumpa ni Kalaryón!

\* \*

Itó namang mga inspector ng ilaw, ay lumalampas na sa guhit.

Parang mga hari, parang kung sino, parang mga tao kung magsiakyat sa bahay ng may bahay.

At sa kinágaganito nila ay nangakasusuya na tuloy. Hindi su, a lamang kundi nangakasusulukasok pa.

Kay halay, kay halay, nakaririmarim

at nakaduduwal pa

ang kanilang anyo kung panonoorin

tila hindi tao, tila mga lasíng

kung magsiakyat na

sa bahay, sa kuwarto, sa siliid na tambing.

... At wala na, tuloy patawarin ako sa pagkaplagiung ginawa, ng kumatha ng tulang; *Natatakot!*

\* \*

Ilag de la guardia bantay nitong kuta

ang hukom sa Kapis narito ba kaya.

sabibin sa kanyang

kabi't kumákain

kabi't ngumúnguya

ay parito ngayón at... kukutusán ko siya.

Napilipit tuloy pati ng pagtula ko dahil sa kagali-tang naglalatang sa aking *poso* at *kalolowa*.

Oo nga, mga ginigiliw na mambabasang hindi naman gumigiliw sa akin; ang hukom na iyán ay pillo, requete pillo at.. dapat piralin sa taynga.

Biro bang gawa ang mamilit sa isang ayaw, naman sa kaiyá?

Doon sa bayan ko kun tawagin ang ganito ay panggagahasa, at ang mga panggagahasa ay pinarurushan ng parusang nábabagay.

Laban sa hukom na iyan ay kailangang pabagsakín ang bigat ng mga utes.

Nakakita na ba kayo ng hukom na ganyan?

\* \*

Ang kanya pong pinilit ay isang dalaga.

Dalagang alila ng aywan kun sino sa Kapis, at napa-sakdal sa aywan naman kung anóng sala.

Madali't salita ay naparusahan ng hubom.

Ngayon, ang hukom ay nagandahan sa kanya.

Ngayon, ang ginawa ng hukom ay pinagisipan ng masama ang dalaga.

Ngayon, ang inisip ay isinagawa nga.

Ngayón, ang dalaga ay napasuko 'nga naman baga-ma't áayaw.

Ngayon, ang hukom ay tila nagpapaikit na upáng makapaghinaw.

At ngayón jano pá?

Ngayón ay wala.

Colorin colorao el cuento se ha acabao.

\* \*

Mga buwisit, mga buwisit

ang sa Sebúng pulís

Mga buwisit, mga buwisit

mga taong bulisik

ang dapat 'nga nama'y maalís

aunque ta mainís

sa katungkulang ..... hawak

Nápadíwara na naman ang pagtula ko, nguni't hindi ako ang may sala kundi ang mga pulís na iyán sa Sebú, na náhuling nagsisipag-sugál.

Há?

Opo nga, nagsisipagsugál.

At náhuli silá sa *acto* ng isang konsehal na hindi ko man kilalá ay pinakikikamayan ko ngayon dahil sa kabayanihang ginawa.

Maanong araw araw ay isa nang isáng konsehal ang makáisip ng ganító!

Marahil ay ilang linggó lamang at ang apat na hari ay mamámatay sa pagkatuyo.

Maano ngang ganyan araw araw.

Tingnan ko lang kung makapagkakakatsang pa ang mga apo ng baraha.

Nguni't sayang at mga pulis lamang ang nahuli. Ang mainam sanang lalo ay kung mahuli ang mga pu-nong sa balita ko'y nagsisipag-sugál din naman.

Lalo sanang mabuti kun silá ang masubukan.

Marahil magkakabasag ang kampana sa pagpaparepikeng gagawin ko.

Subukin ninyo kundi ko gawin.

KULAS KULASISI.

I.R. MORALES



Desde Roma la imperial  
haciendo escala en Berlín,  
en Inglaterra y Tonkin;  
llegó hoy á esta capital  
un despacho tan urgente  
con carácter reservado  
y que por estar cifrado  
tuvo curiosa á la gente.

MORALES, el de la Imprenta  
que el despacho ha recibido  
dice que su contenido  
es el giro de una cuenta  
por libros encuadrados,  
estuches, sellos de goma,  
que unos amigos de Roma  
le habían encomendado

13—Plaza Miranda—13 Kiapó.



JAMON PIÑA—Nosotros, si, que no tenemos mucha quebradura de  
cabeza, como otros mortales....

JEREZ SPORTMAN—¿Por qué?

JAMON PIÑA—Porque no tenemos más que una sola preocupaçion, la  
única....

JEREZ SPORTMAN—¿Cuál es?

JAMON PIÑA—La de que el buen Heiser no nos deje entrar en estas Islas  
donde hoy nos consumen en grande.



—Los chocolates de "LA BILBAINA" no tienen rival.

—Productos puros, inmejorables. Fabricación esmerada.

—Ninguna asma de casa prescindirá de los chocolates de  
"LA BILBAINA" en cuanto los pruebe, pues son alimento  
sano, al par que delicioso.

Pedirlos á Pujalte y C.a

229 Muelle del Rey Teléfono 366.

### SOMBRIERERIA DE RAMON YAN

60 SACRISTIA—BINONDO

—¿Qué llevas ahí?

—Es una partida de excelentes sombreros del país, comprada en  
casa de Ramon Yan. Ya sabes que me marchó al extranjero. Allí  
no quiero usar otros sombreros.

—Hemos bien. En ninguna parte los hay más típicos y elegantes.



—Osted dispensarme, señor: mi quiere saber dónde puedo comprar  
un sombrero como ese, tan ligero, tan elegante, blanco como la nieve  
y sin costura. Mi quiere llevar muchos á mi país, en London.

—Ya se conoce que es V. forastero. Aquí nadie ignora que estos som-  
breros salen de la fábrica de

Vicente Liwanag

Lemery 149. Tondo

### LA ESMERALDA

Escolta No 9 y 11.

—Magnificas joyas, que envidiaría una reina.....

—Son los regalos de boda que he recibido.

—Encargadas á Paris, sin duda alguna.

—No ciertamente. Todas compradas en la joyería

LA ESMERALDA Escolta N.o 9 y 11.





MÁQUINAS

PARA Coser

MÁQUINAS

PARA Bordar

# SINGER


Escolta

33 1/2

MANILA

PÁGOS

SEMANALES.




PEDRO de JESUS

E HIJO

MARMOLLISTAS Y TALISTAS

Calle de Crespo 96 Quiapo

Lapidas, monumentos, pilas, estatuas, imágenes y toda clase de obra de talla abonan la falta de Pedro de Jesus.



Asma complicada con reuma articular y siferalitis del hipocoendrio, fiebre, 40 grados; debilidad general. Eso no es nada, amigo.

—Nada, y tengo disperfrolitis, y reuma, y asma? Ya lo decia mi Señora madre política: ¡Prepárate, hijo mío, para una buena muerte.

—Todo esto desaparece fumando cigarrillos *Germinat*, Comillas 4.



—Agricultores! no digais que no hay carabao ni vacunos para labrar vuestros campos. Acudid á los camarines de Tanduay, n.o 120 (Quiapo), en donde encontrareis muchísimos carabao y vacunos, muy sanos, muy buenos, muy grandes y muy baratos.



—Este retrato es de un parecido exactísimo. Pero tiene un defecto.

—Cuál?

—Te ha favorecido un poco.

—Envidiosal Mi novio dice que estoy muy bien.

—Es claro! Ese es el mérito de los retratos que hace Joaquín Reyes, Exactitud y belleza. Yo tambien pienso retratarme allí.

—Buena falta te hace para pescar novio. Joaquin es nuestro San Antonio.

San Roque 42 Sta. Cruz



BOREAL STUDIO  
B. GOMEZ Y C. A  
JOLO 313

—Ahora ya podemos retirarnos á nuestra casa. Soy feliz.

—No, no; ante todo debemos ir á retratarnos.

—Bien. ¡A qué fotografía?

—A la mejor: al "Boreal Studio".

